

**PAMANTASAN NG CALIFORNIA, SAN FRANCISCO
(UNIVERSITY OF CALIFORNIA, SAN FRANCISCO)**

**TALAAAN NG MGA KARAPATAN NG MGA TAONG KASALI SA PANANALIKSIK
(EXPERIMENTAL SUBJECT'S BILL OF RIGHTS)**

Ang mga sumusunod ay mga karapatan ng bawat tao na kasali sa isang pananaliksik. Bilang isang kasali sa pananaliksik may karapatan akong:

- 1) Paliwanagan kung ano ang mga layunin ng pananaliksik na ito,
- 2) Paunawaan kung ano ang maaaring mangyari sa akin at kung may mga pamamalakad, mga gamot o mga kagamitan na kaiba sa pangkaraniwang sinusunod at ginagamit,
- 3) Paunawaan kung ano ang madalas at/o mahala gang mga panganib iba pang epekto o pagkabalisa na maaaring maranasan ko sa pananaliksik na ito,
- 4) Paliwanagan kung may maaasahan akong pakinabang sa aking pagsali, at kung mayroon man, anu-ano ang mga pakinabang na ito,
- 5) Ipaalam sa akin ang iba't iba pang maaari kong piliing gawin at kung paano itong magiging lalong maigi o lalong masama kaysa aking pagsali sa pananaliksik na ito,
- 6) Payagang magtanong ng ano mang katanungan hinggil sa pananaliksik na ito bago ako pumayag na sumali at gayun din sa kasalukuyan ng pananaliksik,
- 7) Paliwanagan kung anong uri ng paggamot ang magagamit ko kung sakaling magkaroon ng mga komplikasyon na bunga ng pananaliksik,
- 8) Tumanggi sa pagsali o kaya magbago ang isip na magpatuloy na sumali kahit na nagsimula na ang pananaliksik. Ang pasiya kong ito'y hindi makasasama sa aking karapatang mabigyan ng pangangalagang nauukol sa akin kung ako'y hindi kasali sa pananaliksik,
- 9) Tumanggap ng kopya ng nilagdaan at may petsang kasulatan ng pahintulot,
- 10) Maging malaya sa ano mang pagdiin of pagpilit sa aking pagpapasiyang sumali sa pananaliksik.

Kung ako'y may iba pang mga katanungan, dapat kong tanungin sa tagasaliksik o sa kanyang katulong na tagasaliksik. Bilang karagdagan, maaari akong magbigay-alam sa Committee on Human Research, ang lupong may kinalaman sa pagtatanggol ng karapatan ng mga kusang sumasali sa mga proyektong pananaliksik. Maaari akong sumangguni sa tanggapan ng nasabing lupon sa kanilang telepono bilang: (415)476-1814, mula sa ika-8:00 ng umaga hanggang sa ika-5:00 ng hapon. Lunes hanggang Biyernes, o kaya'y sa pamamagitan ng pagliham sa UCSF Human Research Protection Program, Box 0962, 3333 California St., Ste. 315, San Francisco, CA 94143.

Tumawag sa 476-1814 upang humiling ng impormasyon hinggil sa mga pagsasalin.

Researchers: If using the ["short form" method](#) of consent, affirm the following and obtain the signatures below:

The elements of consent were presented orally on _____(date).

Subject Signature

Witness Signature